


Multilingual na gabay sa pamumuhay sa Matsumoto City



Ang nilalaman nito ay mga mahahalagang bagay ukol sa pamumuhay.
Kung may suliranin o mga bagay na hindi nauunawaan, mangyaring tumawag lamang at makipagugnayan sa numero na nakasaad sa ibaba.

—Multicultural Plaza—
TEL 0263-39-1106



Talaan ng Nilalaman

| | |
|-------------------------------------------------|----|
| Konsultasyon o sanggunian ----- | 1 |
| Numero na tatawagan sa oras ng emergency ----- | 2 |
| Paghahanda sa lindol ----- | 4 |
| Sa panahon ng bagyo o malakas na pag-ulan ----- | 5 |
| Pagparehistro bilang residente ----- | 6 |
| Residence card ----- | 7 |
| Uri ng visa o status of residence ----- | 8 |
| Panuntunan sa pamumuhay ----- | 10 |
| Paglilipat-bahay ----- | 12 |
| Neighborhood association ----- | 13 |
| Naturalization • Pagpalit ng nasyonalidad ----- | 14 |
| Pagpapakasal • Pagpapadiborsiyo ----- | 15 |
| Pagbubuntis • Panganganak ----- | 17 |
| Child care <pag-aaruga ng anak> ----- | 20 |
| Paaralan sa Japan ----- | 22 |
| Sakit/Karamdaman • Kapansanan ----- | 26 |
| Pensiyon ----- | 28 |
| Buwis ----- | 30 |
| Lisensiya sa pagmamaneho ----- | 31 |
| Hanap buhay/Trabaho ----- | 33 |



Konsultasyon o Sanggunian

● Matsumoto Multicultural Plaza

Konsultasyon ukol sa kahit anong bagay. Kung may problema o suliranin, mga bagay na hindi nauunawaan atbp. mangyari lamang na huwag mag atubiling pumunta at sumangguni sa amin.

May ibat-ibang wika na maaring gamitin sa konsultasyon [Portuges • Thai • Tsino • English • Tagalog atbp.] Maaaring tumawag lamang sa telepono para sa oras ng konsulta. Ang konsultasyon ay libre o walang bayad.

— Halimbawa... —

Q : Saan maaaring makapag aral ng wikang Hapon?

Q : Mga liham mula sa City hall na nakasulat sa wikang hapon at hindi mabasa o maintindihan.

Q : Ano ang gagawin pag tinanggal o pina-alis sa trabaho?.

Q : Maari pa bang manatiling manirahan sa bansang Japan kahit nakipag hiwalay o diborsyo na sa asawang hapon?

■ Lugar

M-Wing 3rd floor (Matsumoto City Chuo 1-18-1)

■ Oras

Mon-Fri: 9:00-22:00 (Mangyaring pumunta lamang ng hanggang alas 9 ng gabi)

Sat • Sun • Holidays : 9:00-17:00

■ Closed

Pangalawa at pang apat na Miyerkules ng bawat buwan, December 29-January 3.

Para sa katanungan:
Matsumoto Multicultural Plaza
TEL 0263-39-1106



● Konsultasyon sa wikang Portuges



May konsultasyon sa wikang Portuges kaya kung may suliranin, mga bagay na hindi nauunawaan atbp. , huwag mag atubiling pumunta at sumangguni sa amin.

■ **Lugar** : Matsumoto City Hall Main Bldg 1st Floor Shimin Soudanka (Seksyon ng konsultasyon ng mamamayan)

■ **Oras** : Mon-Fri (bukod sa mga araw ng public holidays)
9:00-15:30

Para sa katanungan:
Matsumoto Ciy Hall Shimin Soudanka
TEL 0263-33-0001

Numero na tatawagan sa oras ng Emergency

Sa oras ng “Emergency” o sakuna, mahalagang alamin ang mga numero ng telepono na dapat tawagan alinsunod sa sitwasyon.

Maging kalmado at ipaliwanag ng malinaw ang sitwasyon ng emerhensiya. Kung may tao sa paligid o malapit sa iyo na marunong magsalitang hapon, mangyaring ibigay o ipasa ang telepono at ipakausap sa taong nasa kabilang linya.


Ang mga sumusunod na numero para sa emergency calls ay maaaring tawagan nang 24oras at ang lahat ng ito ay libre o walang bayad.

●Kapag biglang nakaramdam ng matinding sakit/karamdaman o malubhang nasugatan • •「1 1 9」 (Ambulansiya)

Pagtawag ng ambulansiya. Sa mga biglaang sumama ang pakiramdam o may taong sugatan at kinakailangang madala agad sa ospital.

Tumawag sa nakasaad na numero at sabihin ang mga sumusunod na impormasyon.

- ① Kung sakit o sugatan
- ② Lugar o tirahan
- ③ Sino at ano ang nangyari (edad at kasarian)
- ④ Pangalan



●Sunog • • •「1 1 9」 (Bumbero)

Bumbero ang darating at pupuksa ng apoy/sunog.

Tumawag sa nakasaad na numero at sabihin ang mga sumusunod na impormasyon.

- ① KAJI DESU! (May Sunog!)
- ② Lugar na kinagaganapan ng sunog
- ③ Ano ang bagay na nasusunog
- ④ Kung may sugatan at taong nakulong o hindi nakalabas mula sa loob ng sunog.
- ⑤ Pangalan



● **Aksidente sa trapiko o kalsada . . . 「110」 (Pulis)**

Tumawag sa nakasaad na numero at sabihin ang mga sumusunod na impormasyon.

- ① Sabihin kung may taong sugatan.
- ② Anong uri ng aksidente
- ③ Lugar at kelan naganap ang aksidente
- ④ Pangalan at katawagan.

※Kung may sugatan sa nangyaring aksidente, sarili man o ang naka-banggaan, mangyari lamang na tumawag agad at magpapunta ng ambulansya sa numerong 「119」.



● **Krimen . . . 「110」 (Pulis)**

Tumawag sa nakasaad na numero at sabihin ang mga sumusunod na impormasyon.



- ① Anong uri ng krimen (gulo/away, nakawan)
- ② Lugar kung saan naganap ang krimen. Sabihin kung ano-ano ang mga nakikita sa iyong kinapapaligiran.
- ③ Kung ikaw ba ang biktima o kung ikaw ang nakakita sa naganap na krimen.
- ④ Sabihin kung may taong sugatan

※Kung may gustong ikonsultang ibang bagay bukod sa krimen, tumawag lamang sa numerong 「#9110」

Kung sakaling hindi man nasasangkot sa krimen subalit nababahala, may mga problema o suliranin, mangyari lamang na tumawag at may makikinig sa mga hinaing. May ipapakilala o irerefer din na mga ahensya na tutulong at magasikaso sa problema .

—Kung may mga nawalang bagay o kung may napulot/nakitang bagay na hindi pag aari—

Kung may nawalang personal na bagay tulad ng bag, pitaka atbp. Mangyari lamang na tumawag sa ahensya ng pulis (0263-25-0110). May operator na sasagot at sabihin ang mga sumusunod:

- ① Kelan, saan at kung ano ang bagay na nawawala.
- ② Pangalan at katawagan.

Kung may napulot o nakitang bagay na hindi pag aari, mangyari lamang na dalhin ito sa pinakamalapit na presinto.

Paghahanda sa lindol

Ang bansang Hapon ay madalas makaranas ng paglindol. Paminsan minsan ay may mga maliliit na paglindol na nararanasan o nararamdaman. Ang malakas na paglindol na nagiging sanhi ng pagtumba ng mga kasangkapan ay delikado o mapanganib.

Maaring maganap ang paghinto ng tubig, gas, kuryente, o kawalan ng mga bilihin. Pagkatapos maganap ang isang malaking lindol, asahan din ang mga paulit ulit na maliliit na pagyanig (aftershocks).

Walang makakapag sabi kung kailan lilindol. Subalit sinasabing magkakaroon ng malaking paglindol sa nalalapit na hinaharap.

Kinakailangan paghandaan ang paglindol.

Sa oras ng lindol ay huwag mag panic, dapat ay maging matatatag at isipin ang mga dapat at ang susunod na mga hakbang na gagawin.



1 Ang mga Emergency Shelter (Evacuation Center) ay dapat alamin.

Sa tirahan o sa pinapasukang trabaho man ay kinakailangang alamin kung saan ang pinakamalapit na emergency shelter o evacuation center

Makabubuting kilalanin o kaibiganin ang mga kalapit bahay upang may maaaring tumulong sa oras ng lindol.

2 Konsultasyon sa pagitan ng pamilya at kaibigan kung paano at saan ang evacuation center na pupuntahan

Sa panahon ng kalamidad na lindol, dapat pag usapan at pag desisyunan ng pamilya kung saan ang pupuntahang evacuation center at kung saan sila puwedeng makaugnayan.



3 Ayusin ang mga kasangkapan sa paraan na hindi matutumba o babagsak sa oras ng lindol

4 Maghanda ng tubig, pagkain atbp. sa isang bag at ilagay sa lugar na agad makukuha o mailalabas sa oras ng kalamidad.

Dapat may nakahandang mga gamit na dadalhin sa evacuation center.

—Mga mahahalagang bagay at gamit na dapat laging nakahanda—

- tubig • biscuit • canned goods • radyo
- flashlight • lighter (posporo) • pera
- pasaporte • Health Insurance Card • damit
- tuwalya • baterya • plastic bag atbp



Sa panahon ng bagyo o malakas na pag-ulan

Ano nga ba ang bagyo o malakas na pag-ulan?

Ang bagyo sa japan ay madalas dumarating sa mga buwan ng Hulyo hanggang Oktobre. Ang malakas na pagbuhos ng ulan at malakas na ihip ng hangin ay lubos na mapanganib.

Ang ulan ay maaaring maging dahilan sa pagguho ng bahagi ng bundok o pagdausdos ng lupa, bato, putik o ang tinuturi nating landslide. Ito rin ay nagiging sanhi ng pag apaw ng mga ilog at pagbaha.

Ang matinding ulan ay mas bumubuhos sa mga makikitid na lugar.

May panahon na ang matinding ulan na may kahalong pagkulog at pagkidlat ay tuloy tuloy at nararanasan sa loob ng ilang oras.

Dapat alamin ang mga inihahayag na ulat ukol sa bagyo sa telebisyon o makinig sa radio.



—Sa panahon ng bagyo o malakas na pag-ulan—

- Huwag pupunta sa mga lugar na malapit sa ilog.
- Magingat sa pagguho sa bahagi ng bundok o pagdausdos ng lupa o landslide
- Kapag tumaas ang tubig na abot lagpas tuhod sa labas ng bahay o kapaligiran, agad pumunta sa ikalawa o mas mataas na palapag ng bahay o gusali.
- Umiwas o huwag lalapit sa mga nabali o natumbang poste ng kuryente o sa mga nalaglag na kawad nito.

Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Crisis Management Division TEL 0263-33-9119

E-mail kikikanri@city.matsumoto.lg.jp

※ Para sa iba pang impormasyon, mangyari lamang magpasama sa taong nakakaunawa ng salitang hapon at makipag-ugnayan sa amin.

Pagparehistro bilang residente

Ang pagparehistro bilang residente (para sa lahat ng mga dayuhan na mananatili ng mahigit sa tatlong buwan sa bansang Hapon at may mga Zairyu o residence card. Ang mga turista o mga darating sa bansang Hapon at mananatili lamang sa maikling panahon ay hindi nasasakop dito) ay ang pagpatala o pagpalista sa munisipyo ng mga impormasyon tulad ng pangalan at tirahan.

Ang hindi nakarehistro ay hindi makakatanggap ng mga serbisyo ng gobyerno tulad ng pagpagamot, edukasyon atbp.



| Kailan dapat magpa rehistro | Hanggang kailan dapat makapagparehistro | Mga bagay na kakailanganin |
|--------------------------------------------|----------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------|
| Kapag bagong maninirahan sa Matsumoto city | Sa loob ng labing apat (14) na araw mula pagtira | Residence Card (sa mga hindi pa nakakakuha ng residence card – pasaporte) |
| Kapag maglilipat ng tirahan | Sa loob ng labing apat (14) na araw mula pagkalipat ng tirahan | Residence card My number (sa may mga meron nito) |

Ang mga maglilipat sa hindi parte ng Matsumoto ay dapat magsumite o ipagbigay ulat ang paglilipat (Moving-out Notification).

Ang mga maninirahan na sa labas ng bansang Hapon ay kinakailangan din na magsumite o ipagbigay ulat ang pag alis.

**Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Civic Section TEL 0263-33-9841**

Residence Card

Makakamit ang Residence card ng isang dayuhan mula sa airport na papasukan (port of entry). Ang Residence card ay ang magpapatunay ng legal na estado ng paninirahan ng isang dayuhan sa bansang Hapon. Ang mga dayuhan na edad mahigit 16 na taon at naninirahan mula middle hanggang long term sa bansang Hapon ay mahigpit na pinatutupad ang palaging pagdala o pagbitbit ng residence card.

Ang Residence card ay kinakailangan「sa pagbubukas ng account sa banko」 o 「sa pagproseso bago makapasok sa paaralan o eskwelahan」

1 Expiration ng Residence card

| | Mga Permanent Resident | Mga Hindi Permanent Resident |
|---------------------------|------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Edad 16taon gulang pababa | Hanggang sa araw ng ika-16 na kaarawan | Hanggang matapos ang period of stay o hanggang sa araw ng ika-16 na kaarawan. Ang mauunang araw sa dalawang nakasulat ang magiging expiration |
| Edad 16taon gulang pataas | Pitong (7) taon mula araw na pinagkaloob | Hanggang matapos ang period of stay |

2 Pag may mga ipapabago sa Residence Card

| Mga bagay na ipapabago | Hanggang kailan dapat maisagawa ang ipapabago | Lugar kung saan mag papabago | Mga bagay na kailangan |
|------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------|-------------------------------------|--------------------------------------------------|
| ① Kung magpapabago ng pangalan, kasarian, nasyonalidad o region | Sa loob ng 14 araw mula paglipat | Pinakamalapit na Immigration Office | Pasaporte Residence Card Larawan (picture) |
| ② Kapag nagbago ng address ng pinagtatrabahuan o paaralang pinapasukan | | | |
| ③ Kung nagdeborsyo o nasawian ng asawa | ④ Sa loob ng 14 araw mula nagdeborsyo o nasawian ng asawa | | |
| ⑤ Kung nawala ang Residence card | ⑥ Sa loob ng 14 araw mula pagkawala | | |

※②、③ Ang mga nakasaad sa mga numerong ito ay hindi na kailangan pang magpapabago sa mga permanent resident.

Makipag-ugnayan sa

●Tokyo Bureau of Immigration - Nagano branch

TEL 026-232-3317 (weekdays 9:00~12:00, 13:00~16:00)

●Foreign Resident General Information Center (weekdays 8:30~17:15)

TEL 0570-013904 (kung tatawag gamit ang cellular phone o mula sa ibang bansa 03-5796-7112)

Uri ng Visa o Status of Residence

● Status of Residence • Period of Stay

Ang visa o status of residence ay base sa kung ano ang layunin ng pagtira sa bansang Hapon. Ang estado ng residente depende sa uri ng visa ay magkakaiba ng aktibidad na nararapat lamang gawin. Ang period of stay ay ang bilang ng panahon na maaaring manatili sa bansang Hapon.

Ang visa o Status of Residence at Period of Stay ay nakasulat sa Residence Card.

● Kung gustong magpahaba o mag renew ng period of stay (Renewal of visa or period of stay)

Kung gustong magpa extend o mag renew ng visa at period of stay, mangyari lamang magtungo sa pinakamalapit na Immigration Office at duon mag sumite ng request. Maaari ng mag request o magpa renew tatlong (3) buwan bago matapos ang visa. Ang mga kakailanganing papeles ay magkakaiba depende sa uri ng visa

● Overstay (illegal na residente • illegal na pananatili)

Kung tapos na ang period of stay at nananatili pa ring nasa bansang Hapon, magiging overstay o illegal na residente ang isang dayuhan.

Ang mga overstay ay hinuhuli o dinadakup ng pulis. At kapag naging overstay ang isang dayuhan, ito ay hindi pahihintulutang makapasok sa bansang Hapon ng ilang taon.

● Kung magbabago ng status of residence o uri ng visa (Pagpalit ng status of residence)

Depende sa uri ng visa, kapag nagpalit ng trabaho o nagbago ng kompanya, ay kinakailangan din na magbabago ng visa o status of residence. Mangyari lamang na pumunta sa pinakamalapit na Immigration Office kapag may mga babaguhin sa visa. Mangyaring lamang tumawag at magtanong sa Immigration Office para sa mga detalye.

● Kung nais manirahan ng permanente sa bansang Hapon (Permanent Residency)

Kung nais manirahan ng permanente sa bansang Hapon, mangyari lamang na magtungo sa pinakamalapit na Immigration Office at magsumite ng aplikasyon. Ang mga permanent resident ay hindi na kinakailangan pang magpalit ng status of residence at period of stay. Para sa iba pang impormasyon, mangyaring tumawag at magtanong lamang sa Immigration Office.

● Kapag lalabas at babalik sa bansang Hapon (Re-entry permit)

Ang mga may visa na lalabas at babalik sa bansang Hapon ay kinakailangang magtungo sa Immigration Office upang kumuha ng re-entry permit. Maaring mawala ang visa ng isang dayuhan kapag lumabas ng bansa ng hindi kumukuha ng re-entry permit. Subalit sa mga babalik din sa loob lamang ng isang taon, maari ng hindi kumuha pa ng re-entry permit.



Makipag-ugnayan sa

- Tokyo Bureau of Immigration - Nagano branch
TEL 026-232-3317 (Lunes hanggang Biyernes 9:00-12:00, 13:00-16:00)
- Foreign Resident General Information Center (Lunes hanggang Biyernes 8:30-17:15)
TEL 0570-013904 (kung tatawag gamit ang cellular phone o mula sa ibang bansa 03-5796-7112)



Panuntunan sa Pamumuhay

● Basura

Ang pagtatapon ng basura ay nagiiba depende sa lugar na tinitirahan.

Para sa araw, oras at lugar ng pagtatapunan ng basura at tamang paghihiwalay nito ay mangyari lamang na alamin at itanong sa namamahala ng apartment o sa munisipyo ng tinitirhan.

May magagamit na application sa cellphone kung saan nakasaad ang araw at tamang paghihiwalay ng basura na nakasulat sa sariling wika.

Para sa iba pang mga detalye ukol sa pagtatapon ng basura, mangyari lamang magtanong sa munisipyo.



Para sa mga gamit ay iPhone o IOS
(iOS:8.0 pataas)



Para sa mga gamit ay Android
(Android OS:4.0 pataas)



※iPhone registered in the United States and other countries under Apple Inc.
iPhone with trademark under license of IPhone Co., Ltd.
※Android is a trademark of Google Inc.

Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Environmental Division (Kankyogyomuka) TEL 0263-47-1096

● Huwag gumawa ng malakas na tunog o ingay <Pag-iingay>.

Ang pagiingay o malakas na tunog ay makakadulot ng hindi maganda o perwisyo sa kapitbahay at sa iyong paligid. Kung sa pinanggalingan na bansa ay pinahihintulot ang mag ingay , sa bansang Hapon ay hindi mo alam kung ang nasa paligid ay matutuwa o hindi at kung ano ang kahihinatnan, kaya mag-ingat sa pag-iingay.

—pag-iingay (malakas na tunog o tugtog) tulad ng...

- volume ng telebisyon o CD player
- tunog ng vacuum cleaner o washing machine sa kailaliman ng gabi.
- malakas na boses o sigawan
- tunog ng mga musical instruments atbp.



● toilet at bathroom



Ang mga bathroom ay nahahati sa bath tub at ang paliguan o banlawan. Ang paliguan ay ang parte kung saan hinuhugasan ang buong katawan kung kaya kaya dapat magingat na huwag bumara ang mga buhok sa daluyan ng tubig.

Ang toilet tissue lamang ang maaring iplush sa inidoro. Huwag ipa plush ang anumang bagay bukod sa toilet tissue dahil magbabara ito. Kapag magbara ang inidoro at umapaw ang tubig, tatapon ito sa sahig at maaaring tumulo o tumagas sa ibaba ng inuupahan. Kapag nangayari ang ganito, ikaw ang magbabayad o sasagot sa gagastusin sa pagpagawa nito.

● Veranda

Ang veranda ay ang ibang daan upang makatakas sa oras ng sunog at iba pa . Kapag madaming nakalagay o nakaimbak dito, hindi ito madadaan sa oras ng emerhensiya. Kung kayat maiging iminumungkahi na huwag maglagay o magtambak dito. Gayundin ingatang malaglag ang mga bagay na nakalagay sa veranda. Ang pagbibilad ng mga futon, mga sinampay atbp ay sa veranda ginagawa subalit ingatan na huwag mahulog o liparin ang mga ito.



●mga pang publikong gamit (tulad ng koridor, hagdan atbp.)

Sa mansion o apartment, ang mga koridor at hagdan ay pangpubliko o pangkalahatang gamit. Sa panahon ng lindol at sunog, ito ang mga daanan upang makalabas o makalikas. Huwag maglalagay o magiiwan ng mga personal na gamit dito.

●Paradahan ng mga bisikleta <lugar kung saan dapat ilagay o iwan ang bisikleta>at parkingan <paradahan ng mga sasakyan>



Sa mga mansion at apartment, ang mga bisikleta ay dapat ilagay sa tamang paradahan ng mga bisikleta. Ang may mga sariling sasakyan ay dapat din umupa ng sariling parkingan(ito ay may bayad). Ang sasakyan ay dapat iparada sa sariling parkingan lamang. Huwag pumarada sa kalsada o sa parkingan ng ibang tao.

Paglilipat-bahay

- Ipagbigay alam o kausapin ang may ari ng inuupahan (nagpapaupa ng bahay)kapag desidido na ang paglilipat-bahay.
- Tawagan ang ahensya ng kuryente at gas upang ipatigil o ipa putol ang mga ito.
- Ang tubig ay sa munisipyo itatawag para ipaputol.
- Linisin ang inuupahan bago umalis o maglipat bahay.
- Tumawag sa munisipyo at magtanong ukol sa mga malalaking basura o malalaking bagay na itatapon.
- Isauli ang susi sa may ari ng inuupahan<nagpapaupa>o sa real estate<kompanyang nagpapalakad o nagaasikaso ng inuupahan>.

Titingnan at isisiyasat ng nagpapaupa, kasama ang umuupa kung ang inuupahan ay parehas ng linis bago tumira. Kung sakali hindi ito kasing linis tulad ng bago tumira, kakailanganin ipalinis ito, at maaaring mangailangan ng halaga na ibabayad sa pagpalinis.

- Ang pagpapalit ng nakarehistrong tirahan ay sa munisipyo isinasagawa, kailangan ang residence card.



Neighborhood Association



「Chokai o Asosasyon ng bayan」 Ito ay samahan o grupo ng mga residente na nakatira sa parehas na bayan.

Ang samahan ay itinaguyod upang sa mas matiwasay at maayos na pamumuhay sa kanilang lugar.

Ang asosasyon ang nag aasikaso sa pananatili ng kalinisan ng kapaligiran at mga ilog o kanal.

Nagpapanatili na ligtas at protektado ang mga residente ng kanilang bayan.

Nagpaplano ng mga emergency drills <paghahanda para sa oras ng lindol at pagbaha

Mga pagdiriwang o kasayahan na ginaganap para sa lahat.

Tumutulong sa mga may edad, may kapansanan at mga dayuhan na hindi marunong magsalita ng wikang hapon.

May bayad ang mga kasali sa chokai o asosasyon

Maaaring makasali kahit isang dayuhan.

Magtanong sa mga kalapit bahay.



Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Regional Development Section (ChikiZukurika)
TEL 0263-34-3280



Naturalization • Pagpalit ng Nasyonalidad

● Naturalization (pagiging isang Hapon)

Ang naturalization ay ang pagpalit ng nasyonalidad para maging isang hapon. Hindi mapapalitan ang nasyonalidad kahit kasal sa isang hapon. Upang makapagpalit ng nasyonalidad, magtanong sa Ministry of Justice (Homusyo). Para sa mga iba pang katanungan ukol sa naturalization, mangyari lamang na magtungo sa pinakamalapit na Ministry of Justice.



● Pagpili ng Nasyonalidad



Ang may mga dalawang nasyonalidad o dual citizen ay kinakailangang mamili ng kung ano ang nasyonalidad na mananatili pagdating sa edad na 22 taon. Magtanong ukol dito sa malapit na bureau of legal Affairs.

Makipag-ugnayan sa

Nagano District Legal Affairs Matsumoto City Hall General Affairs Section TEL
0263-32-2571

Mangyaring tumawag muna bago magtungo. Wikang hapon lamang. .



Pagpapakasal • Pagpapadiborsiyo

● Kasal

Kapag kinasal ang isang dayuhan sa isang Hapon, kinakailangan nilang magsumite ng abiso ng pagpakasal sa munisipyo. <kailangan magpatala ng kanilang kasal > Bukod dito, may mga iba pang papeles na kailangang isumite sa pagpakasal.

| Mga bagay na kailangan | Saan magsusumite (saan maaaring magtanong) | kailan | Sino ang magsusumite |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------|------------------------------------------------|
| 1 Pagpatala ng kasal (makakakuha ng form sa munisipyo) ※Kailangan din na may pirma o selyo (hanko) ng dalawang witness na nasa legal na edad. | Sa munisipyo na tinitirahan ng alin sa dalawang nagpakasal o sa opisina ng bayan na pinanggalingang tahanan ng hapon (domicile of origin). | Kahit kailan | Kailangan ang parehas na panig ng magpapakasal |
| 2 Family registry ng hapon-isang kopya. | | | |
| 3 Sertipiko ng probisyon ng dayuhan na maaari syang ikasal o kasulatan at katibayan na papeles ng dayuhan na maaari syang ikasal. | | | |
| 4 Passport, Residence card | | | |

Sertipiko ng probisyon na ikasal <patunay na ang taong nakasaad mismo ay maaaring ikasal > Maaaring makuha ang mga ito sa Philippine Embassy o Consular office. Kailangan na naka-translate sa salita at sulat Hapon ang mga papeles na isusumite.

Kinakailangan na may pirma at selyo (hanko) ang taong nagtranslate. Sa mga iba pang impormasyon, mangyari lamang magtanong sa inyong munisipyo.

Kinakailangan ding ipatala ang kasal sa sariling Embahado o consular office. May mga kakailanganing papeles mula dito.

Para sa iba pang mga detalye, mangyari lamang magtungo at magtanong sa inyong Embahada o sa Consular office.



Makipag-ugnayan sa
 ● Matsumoto City Hall Civic Section
 TEL0263-33-9841

●Diborsiyo

Ang mga dayuhan na nakatira sa Japan na gustong makipag diborsiyo ay kailangang magtungo sa munisipyo at magsumite ng divorce registration(rikon todoke) <pagaanunsiyo ng diborsiyo o hialay>

| Mga bagay na kailangan | Saan magsusumite (saan maaaring magtanong) | kailan | Sino ang magsusumite |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------|
| 1 Divorce registration (makakakuha ng form mula sa munisipyo) ※Kailangan din na may pirma o selyo(hanko) ng dalawang witness na nasa legal na edad. | Sa munisipyo na tinitirahan ng alin sa dalawang nagpakasal o sa opisina ng bayan na pinang-galingang tahanan ng hapon (domicile of origin). | ※magkakaiba depende sa kung ano ang uri ng pakikipagdiborsiyo. Magtanong sa munisipyo tungkol dito. | Kailangan ang parehas na panig ng magpapakasal |
| 2 Family registry ng hapon-isang kopya. | | | |
| 3 Passport, Residence card | | | |

Dapat gawin at sundin ang batas o patakaran ng pakikipag diborsiyo sa Japan. Sa pagaayos ng diborsiyo ay maaaring may mga iba pang papeles na kakailanganin. Para sa iba pang mga detalye, mangyaring magtanong lamang sa inyong munisipyo.

Magtungo sa Embahada ng iyong bansa o Consular Office at ipatala din ang diborsiyo. May mga kakailanganing papeles sa pagpapatala. Para sa iba pang mga detalye, mangyaring tumawag lamang sa iyong Embahada o Consular Office.

Kung may anak ang magdidiborsiyo, kailangan pagdesisyunan ang kustodya ng bata <kung kanino mapupunta ang pangangalaga ng bata> Kapag napagdesisyunan na ito, kinakailangan din ipatala ang pangalan ng bata at pangalan ng kung sino ang mangangalaga dito.

Kapag naisagawa na ang diborsiyo, ang status of residence ay mag-iiba 「spouse of Japanese」 Sa tanang ito, kinakailangang ipabago din ang residence card. Ipagbigay alam sa pinakamalapit na Immigration Office.

Para sa iba pang mga detalye, mangyaring tumawag o magtanong lamang sa pinaka malapit na Immigration Office.

Makipag-ugnayan sa

●Matsumoto City Hall Civic Section TEL 0263-33-9841

●Tokyo Bureau of Immigration - Nagano branch

TEL026-232-3317 (Lunes~Biyernes9:00-12:00、13:00-16:00)

Pagbubuntis • Panganganak

1 Pagbubuntis <mula pagkabuo ng bata sa sinapupunan>

● Pagpatala ng pagbubuntis

Pag sigurado na ang pagkabuntis, kailangan ipagbigay alam sa munisipyo. 「Pagpatala ng pagbubuntis <kailangan magsusumite ng form ng pagbubuntis>」.

Pagkatapos magpatala, ikaw ay bibigyan ng 「Boshikenkoutecho (Boshitecho)」. Ang boshitecho (handbook ng kalusugan ng ina at bata) ay naglalaman ng tungkol sa pangangatawan at kalusugan ng ina at ng bata sa sinapupunan. Dito din sinusulat ang mga bakuna ng bata.

Makakakuha din ng bagay na magagamit para makatipid sa mga bayarin sa ospital para sa ninpu kenshin o mga check up habang nagbubuntis.

Kung may pangamba o alalahanin, huwag mag atubiling sumangguni at humingi ng payo sa amin.



Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Health Promotion Section TEL 0263-34-3217



2 Panganganak <pagkapanganak ng sanggol>

● Rehistro ng kapanganakan

Sa loob ng 14 na araw mula pagkapanganak ng sanggol, kinakailangang magtungo sa munisipyo at magpatala ng panganganak 「Rehistro ng panganganak」

Kailangang makapag desisyon ng ipapangalan sa bata bago iparehistro.



| Mga bagay na kailangan | Saan magsusumite (saan maaaring magtanong) | kailan | Sino ang magsusumite |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------|-----------------------------------|
| 1 Pagrehistro ng panganganak . (Maaaring makakuha ng sertipiko ng panganganak mula sa ospital o munisipyo) . 2 Birth Certificat (sertipikasyon na may pirma ng doctor o ospital ng araw na ipinanganak ang sanggol) 3 Selyo (hanko) o pirma 4 Boshikenkou techo 5 Hokensho (Health insurance card) | Sa munisipyo kung saan ipinanganak ang sanggol o munisipyo na tinitirahan ng ama o ina. | Sa loob ng 14 na araw mula kapanganakan | Sino man sa ama o ina ng sanggol. |

Kailangan din ipatala sa inyong Embahada o Consular office ang panganganak. May mga kailangang isumite na papeles. Para sa iba pang mga detalye, mangyaring tumawag o magtanong lamang sa inyong Embahada o Consular Office.

Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Civic Section TEL 0263-33-9841

● Ikuha ng Residence card ang sanggol.

Ang mga anak ng dayuhan na ipinanganak sa Japan ay kinakailangan din na may residence card upang makapanirahan dito. Kailangang kumuha nito mula sa pinakamalapit na Bureau of Immigration sa loob ng 30 araw mula pagkapanganak ng sanggol. Subalit kung ang sanggol ay aalis o lalabas na rin ng Japan sa loob ng 60 araw mula araw ng kapanganakan, hindi na kailangan pang kumuha nito.



Makipag-ugnayan sa

Tokyo Bureau of Immigration – Nagano branch TEL 026-232-3317 (Lunes~Biyernes 9:00-12:00、13:00-16:00)

●Bayarin sa ospital sa panganganak



Ang mga gagastusin sa ospital ng panganganak ay tinatantiyang aabutin ng ¥500,000yen.

Ang may mga Health Insurance ay makakakuha ng perang pang suporta sa panganganak 「shusan ikuji ichiji kin」. Kinakailangang ayusin at magsumite ng mga kinakailangang papeles.

Sa mga miyembro ng National Health Insurance ay sa munisipyo magaayos at magsusumite ng mga papeles.

Sa mga Social Insurance ay sa kanilang kompanya magaayos at magsusumite ng mga papeles.


Makipag-ugnayan sa (National Health Insurance-sa mga miyembro nito)
Matsumoto City Hall Health Department TEL 0263-34-3203

●Allowance para sa bata (jidouteate) <suportang makukuha para sa pagpalaki ng bata>


Kapag nagsilang ng sanggol, maaaring makakuha ng tulong o suporta

Ito ay tulong na perang makukuha upang gamitin sa pagpapalaki ng bata. Makakatanggap nito hanggang sa makapagtapos ng Junior High School ang bata. Magtungo lamang sa munisipyo para mag ayos nito.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Child Welfare Section TEL 0263-33-9855



●Childcare Medical support <mga gastos sa pagpapagamot o pang ospital ng bata>



Kapag nagkasakit o naospital ang bata, matatanggap ang isang bahagi ng halagang ginastos sa ospital.

Sa munisipyo magtungo para magayos nito.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Child Welfare Section
TEL0263-33-9855

Child Care <pag-aaruga ng bata>

● Pagsusuri sa sanggol <pagsusuri para tingnan kung mabuti ba ang bata>


Ang mga sanggol na edad 4 na buwan, 10 buwan, 1taon 7buwan at 3 taon ay sinusuri at sinusukat ang taas, timbang at galaw ng katawan. Maaaring magtanong ukol sa mga development ng bata. Wala itong bayad. Makakatanggap ng liham o notice ang bawat ina ukol dito.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Health Promotion Section
TEL 0263-34-3217



● Bakuna <mga injection> (walang bayad)

Ang mga bata ay ini injection upang makaiwas sa mga sakit tulad ng 「tigdas」 o 「bulutong」 atbp. Nakasaad sa batas ang mga libreng bakuna. Base sa edad ng bata, magkakaiba ang klase ng mga bakuna . Nakasaad sa mga liham na matatanggap kung anong klase ng bakuna ang matatanggap.



Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Health Promotion Section
TEL 0263-34-3217



●Nursery School o Day Care Center <paalagaan ng mga bata>

Ang mga magulang na pumapasok sa trabaho o may kapansanan, ay maaaring ipasok ang kanilang mga anak na edad mula sanggol hanggang bago pumasok ng elementarya sa nursery school .Kinakailangang mag apply nito kung gustong ipasok ang anak. Ito ay may bayad. Para sa iba pang mga detalye, magtanong lamang sa inyong munisipyo.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Child Care Section
TEL 0263-33-9856



●Holiday child care <Pagpa alaga sa mga araw ng Linggo at public holidays>

Ang mga magulang na hindi makapag alaga ng kanilang anak sa mga araw ng Linggo at public holidays ay maaari ding magpa alaga. Magtanong lamang sa inyong munisipyo tungkol sa oras at bayad.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Children Plaza TEL 0263-29-3400



Paaralan sa Japan

Ang paaralan sa Japan ay nagsisimula ng buwan ng April at matatapos ng sunod na taon ng March

Ang mga anak ng dayuhang residente ay maaaring pumasok sa paaralan mula elemen tarya hanggang junior high school.

Tatlong (3) uri ng paaralan

- (1) National Public Schools (Kokuritsu) . . . paaralan na pinamunuan ng gobyernong Hapon
- (2) Local Public Schools (Kouritsu) . . . paaralan na pinamumunuan ng prefecture at munisipalidad.
- (3) Private School (Shiritsu) . . . Pribadong paaralan na hindi naka-paloob sa dalawang naunang paaralan.



●Elementary School • Junior High School

Ang elementary school ay anim(6) na taon at ang Junior High School ay tatlong(3) taon na pag-aaral.

Ang bata pagdating ng anim(6) na taon ay mag-sisimula ng pumasok sa elementary mula buwan ng April. Pagdating naman ng 12taon, mag-uumpisa ng pumasok sa Junior High School mula buwan ng April.

Sa mga pampublikong paaralan, walang bayad ang entrance, matrikula at mga libro. Ang tanghalian na kinakain sa eskwelahan ng mga estudyante, mga ginagamit, isinusuot at mga PE uniform ay may bayad.

Sa pribadong paaralan, lahat ng mga ito ay may bayad.



Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Board of Education
TEL 0263-33-9846

●Nihonggo Class <tumutulong sa mga batang hindi marunong magsalita ng wikang Hapon>



Sa eskwelahan ay pinagaaralan ang nihonggo, ang mga batang hindi marunong mag nihonggo ay dito tinuturuan.

Para sa iba pang mga detalye, magtanong lamang sa inyong paaralan.

Makipag-ugnayan sa

●Sa paaralang pinapasukan

●Matsumoto City Nihonggo Kyoiku Center

TEL 0263-25-7143

●School Events


May mga iba't ibang event na gina ganap sa mga paaralan. Ang pagpunta o pag attend ng mga magulang sa mga event ng eskwelahan ay napaka importan teng bagay. Sikaping dumalo sa mga bawat event o kaganapan sa eskwelahan.

Depende sa mga event, kadalasan, ilang araw bago ito ganapin ay may matatanggap na liham mula sa punong guro o eskwelahan. Nakasulat dito ang mga bagay na kinakailangang dalhin. Kung hindi maintindihan, magtanong lamang sa punong guro.



●PTA

「PTA」 Ito ay samahan ng mga guro at magulang (Parents Teachers Association). 「PTA」 Sila ay gumagawa ng mga iba't ibang proyekto para sa kapakanan at ikauunlad ng mga bata at eskwelahan.



●Children's Hall • Child Center



Dito nagpupunta ang mga bata pagkatapos ng eskwela.

Ang magulang na nasa trabaho pa din at wala pa sa bahay sa oras ng tapos ng eskwela, ang kanilang mga anak ay dito nagtutungo. Naglalaro at gumagawa ng mga takdang aralin ang mga bata dito habang naghihintay sa kanilang mga magulang. Ito ay may bayad at kailangang mag apply kung kailangan.

Makipag-ugnayan sa
Matsumoto City Hall Child Development Section
TEL 0263-34-3261

●Senior High School

Ang senior high school ay ang kasunod pag natapos ang junior high school.

Halos lahat ng mga estudyante ay ipinagpapatuloy ang pag aaral hanggang senior high school. Bago makapasok ng senior high school ang mga estudyante ay may entrance exam. May mga paaralan na hindi na nagbibigay ng entrance exam para sa mga batang magaganda ang grado at magagaling sa sports.

May bayad ang matrikula, mga libro atbp sa senior high school, ang lahat ng ito ay sariling gastos.




●Kolehiyo • Bokasyonal (Two year Junior College)

Maaaring magpatuloy sa kolehiyo o bokasyonal <two year junior college> pag nakatapos ng senior high school.

Kailangan ng entrance exam bago makapasok sa kolehiyo

May mga kolehiyo din na hindi na nagpapa entrance exam sa mga estudyanteng magaling sa sports.

Lahat ng pangbayad sa mga gastusin sa kolehiyo o bokasyonal tulad ng matrikula, entrance fee, mga libro atbp ay sariling gastos.



●Tulong pinansyal • Scholarship <Suporta para sa pagaaral>

Ito ay tulong na pinansiyal o scholarship para sa mga nahihirapan sa pera sa pag aaral. Mangyari lamang na magtanong sa pinapasukang paaralan ukol sa mga ito.

Makipag-ugnayan sa

- Matsumoto City Hall Board of Education TEL 0263-33-9846
- Nagano Prefecture Board of Education TEL 026-235-7428



Sakit/Karamdaman • Kapansanan

● Iba't ibang uri ng pagamutan

Sa Japan ay may malalaki at maliliit na pagamutan.

Ang maliit na pagamutan ay tinatawag na clinic • iin • shinryoujo.

Sa may mga ubo at sipon, simpleng karamdaman at sugat, magtungo lamang sa clinic (iin, shinryoujo) .

Sa may mga mabibigat na karamdaman, operasyon at confinement, magtungo lamang sa malaking pagamutan.

Ang ospital ay may iba't ibang department. Sabihin kung anong pangalan ng department. O kaya sabihin ang karamdaman, sugat, o kung anong parte ng katawan ang may hindi magandang nararamdaman, ibabatay sa mga ito kung anong department nararapat magpatingin.



| | |
|---------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Naika (Internal Medicine) | Ubot sipon, pananakit ng tiyan atbp. Nagri reseta ng gamot para sa sakit. Kapag hindi alam kung anong department pupunta, dito magpa konsulta. |
| Geka (Surgery) | kapag sugatan |
| Shounika (Pediatrics) | Kapag may sakit ang batang sanggol hanggang edad 15 taon |
| Seikeigeka (Orthopedics) | fracture<nabalian ng buto>o kung masakit ang balakang o baywang |
| Ganka (Ophthalmology) | Kapag may diprensya sa mata. Kung kailangan ng mag salamin sa mata o mag contact lens. |
| Shika (Dentistry) | Kapag may sira ang ipin. Kapag masakit ang ipin. |
| Jibiinkouka (Otolaryngology) | Kapag may karamdaman sa pandinig • ilong • lalamunan |
| Hifuka (Dermatology) | Kapag may problema sa balat, kutis at may paso o sunog sa balat |
| Sanfujinka (Gynecology) | Kapag nagbuntis, o sakit na pangbabae |

※Bukod dito ay meron pang mga ibang department.

● Insurance kapag nagkasakit o nasugatan

Ang mga naninirahan sa Japan ay obligadong magpamiyembro at magbayad ng iryou hoken o health care insurance <insurance na magagagamit kapag nagkasakit o nasugatan>

Ang insurance sa Japan ay tinatawag na 「kenko hoken」 social health insurance at 「kokumin kenko hoken」 national health insurance.

Ang miyembro ng 「Social health insurance」 ay ang mga nagtatrabaho sa kompanya.

Ang miyembro ng 「National health insurance」 ay ang mga hindi namamasukan sa kompanya. Sa munisipyo sila magpapa miyembro.

Ang may mga insurance ay magbabayad lamang ng 30 porsiyento ng halaga ng bayarin sa ospital.

Ang mga walang insurance ay kinakailangang magbayad ng kabuuan na halaga ng bayarin sa ospital.

(Halimbawa)

Kung ang babayaran sa ospital ay ¥3,000

- may health insurance ¥900 lang ang babayaran.
- walang health insurance ¥3,000 ang babayaran.



● Health Insurance Card



Kung miyembro ng health insurance, may matatanggap na health insurance card <「nakasaad na ikaw ay miyembro」 at notification card.

Nakasulat ang tirahan at pangalan ng miyembro dito. Siguraduhing dala ang health insurance card kapag pupunta sa ospital.

Ito ay napaka halagang bagay. Mahigpit na pinag babawal ang pagbenta o pagpahiram sa ibang tao.

● Bayad sa Insurance <halaga na babayaran sa insurance>

Ang mga miyembro ay kinakailangang magbabayad nito <insurance fee>.

Ang mga miyembro ng social health insurance ay ibinabawas ang bayad ng kompanya buwan buwan mula sa kanilang mga suweldo.

Ang mga miyembro ng national health insurance ay kailangang sa munisipyo magbayad. May matatanggap na liham na 「notice ng pagbabayad」.

Para sa iba pang mga detalye, mangyari lamang na magtanong sa inyong munisipyo.

Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Insurance Section TEL 0263-34-3203

Pensiyon

Ang pensiyon ay isang bahagi ng insurance . Kapag nagka edad na o magkaroon ng kapansanan, maaaring makatanggap ng suporta na pera para sa pamumuhay.

Mula edad na 20 hanggang edad 60 magbabayad. At kapag mahigit 10 taon nagbabayad , ang taong ito ay maaari ng makatanggap ng pera pag tumuntong siya sa edad na 65. Ang mga dayuhang residente din ay kinakailangang magpa miyembro nito.

Ang pension ay may tinatawag na 「kokumin nenkin (national pension) <kung saan ang lahat ay kinakailangang maging miyembro>」 at 「kouseinenkin (social security pension) <pensiyon ng mga nagtatrabaho sa kompanya>」



● Paraan kung paano magpa miyembro

•Kokuminnenkin (national pension)

Magtungo sa munisipyo at ayusin ang mga dapat gawin.

•Kouseinenkin (Social security pension)

Ang pinagtatrabahuang kompanya ang maglalakad at mag aayos nito para sa iyo.


● Bayad sa insurance <halaga na babayaran sa pension>

• National pension

Buwan buwan ¥16,490yen (base sa taong 2017)

May matatanggap ng resibo na dapat bayaran (noufusyo <payment form>). Magbayad sa banko o convenience store. Maaari din sa account sa banko na ipa automatic account transfer (kouza furikae <account transfer>).

Kapag hindi makakabayad, mangyari lamang na magtungo sa munisipyo at sumangguni o magtanong.



• Social security pension

Maghahati kayo ng iyong kompanya sa pagbabayad nito.

Sa pagbabayad, ibabawas ng kompanya ang kalahati mula sa iyong sahod at ang kalahati ay sa kanila manggagaling.

Para sa iba pang mga detalye, mangyari lamang na magtanong sa inyong kompanya

● Lump-sum payment <perang makukuha kapag ipatitigil ang pensiyon>

Kung aalis ka na sa bansang Japan, maaari mong makuha ang parte na iyong binayaran. Ang mga taong maaaring makakuha nito ay ang mga nakabayad ng mahigit anim(6) na buwan sa national pension. Kinakailangang ayusin ang mga kakailanganing papeles sa loob ng dalawang (2) taon mula ng umalis sa Japan.

Para sa iba pang mga detalye, mangyari lamang na magtanong sa Matsumoto nenkin jimusyo (Matsumoto pension office)

Makipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Citizen Pension Office Section TEL 0263-34-3218

Matsumoto Pension Office

TEL 0263-32-5821

Buwis

Ang mga naninirahan ng mahigit sa isang(1) taon sa bansang Japan, kasama na din ang mga banyagang residente ay kinakailangang magbayad ng buwis.

May mga ibat ibang uri ng buwis.

●National tax (kokuzei)

Ito ay ang buwis na binabayad para sa bansa.
Ang income tax at consumption tax ay kasama dito.

-Income tax (shotokuzei)


Ito ang buwis na binabayaran batay sa kinita sa loob ng isang taon mula sa suweldo o sa ibang tao. Simula ika-1 ng January hanggang ika-31 ng December. kinakailangang mag sumite ng kakutei shinkoku (final Income tax return) sa susunod na taon mula February hanggang March.

※Final Income Tax Return (kakutei shinkoku)

Ang may mga sariling kompanya o tindahan at ang mga nasa agriculture<mga nagtatanim ng palay at gulay>ay kailangang kuwentahin ang dapat bayarang buwis mula sa kanilang mga kinita mula January 1 hanggang December 31 at isumite sa tax office. Ang mga nagtatrabaho o manggagawa na tumatanggap ng suweldo mula sa kumpanya ay hindi na kinakailangan ng final income tax return dahil kinakaltas na kaagad ito mula sa buwanang suweldo.

-Consumption tax (shouhizei)

Ito ang buwis na kinukuha mula sa lahat ng mga bagay at serbisyo na binibili..



●Resident's tax (chihoei)

Ito ang buwis na binabayaran para sa prefecture at munisipal na tinitirahan. Mayroong Municipal tax(jyuminzei) at Automobile tax(jidoushazei).

-Municipal tax

Ito ang buwis na binabayaran para sa tinitirahang municipal at bayan.

-Automobile tax

Ito ang binabayarang tax tuwing April 1 ng may mga sasakyan o motorsiklo.



● Tax Certificate (nozeishoumeisyo) at Proof of Earnings (shotokushomeisyo)

Ang tax certificate ay nakasulat kung magkano ang halagang binayad sa tax.

Proof of earnings ay nakasulat kung magkano ang kinita.

Maaaring makakuha nito sa munisipyo kung saan ka nakatira ng petsa na January 1 (ito ay may bayad)

Ang mga ito ay kakailanganin para sa mga sumusunod:

- Kapag gustong magpabago ng status of residence.
- Kapag papasok na sa nursery school ang iyong anak.
- Kapag gustong tumira sa pinauupahang bahay ng prefecture o municipal.

Maipag-ugnayan sa

Matsumoto City Hall Civil Tax Division TEL 0263-33-4218

Tax Division TEL 0263-33-4886

Lisensiya sa pagmamaneho

Sa Japan, kinakailangang may lisensiya kung magmamaneho ng sasakyan o motorsiklo. Kinakailangang laging dala ang lisensiya kapag magmamaneho,.

● Ang mga lisensiya na maaaring magamit sa pagmamaneho

- Japan driving license
- Internasyonal na lisensya na ipinagkaloob ng bansang kasali sa Geneva Convention
- Foreign drivers license mula sa Germany, Switzerland, France, Belgium, Taiwan, Slovenia at Monaco (Kailangan na may papel na nakasalin sa wikang hapon ang kanilang mga lisensya)



● Tagal ng panahon na maaaring magmaneho sa Japan

-Japanese Driving License

Hanggang sa expiration na nakasulat sa lisensiya

-International Driving License

Isang taon mula pagdating sa Japan o hanggang sa expiration date na nakasulat sa international license. Ang maikling expiration sa dalawa ang susundin.

-Foreign Drivers License(kailangan na may kasamang papel na nakalipat sa wikang hapon)

Ang maunang expiration mula sa dalawa , isang taon mula dumating sa Japan o ang expiration date na nakasulat sa foreign drivers license.

Ang mga registered residents na may international license o foreign drivers license na pupuwede lamang magmaneho ay ang mga nagtagal ng mahigit sa tatlong buwan sa ibang bansa bago dumating sa Japan.

● Pagpalit sa Japanese driving license

Magtungo sa malapit na Driver's license center . Kailangang hindi pa expired ang lisensiya. Kailangan ng mga bagay tulad ng passport atbp na makakapagpatunay na nanirahan ka ng mahigit tatlong(3) buwan sa bansa kung saan mo kinuha ang iyong lisensiya.

Para sa iba pang mga detalye, mangyari lamang na magtanong sa driver's license center.

Makipag-ugnayan sa

Chunanshin Driver's License Center TEL 0263-53-6611



Hanap buhay/Trabaho

●Trabaho at status of residence

Ang status of residence na maaaring maka pagtrabaho sa Japan ay limitado

Ang mga status of residence na 「mag aaral」 「cultural activities」 「trainee」 「family related」 ay mahigpit na pinagbabawal na mag trabaho. Kung nais magtrabaho, magtungo sa Bureau of Immigration at manghingi ng permiso 「Activities outside the status of qualification <shikakugaikatsudo kyoka>」 .



●Konsultasyon at paghanap ng trabaho

Ang Hello Work ay tumutulong o kumukunsulta ukol sa trabaho. Dalhin ang passport at residence card pagtungo dito.

Walang bayad ang konsultasyon ukol sa trabaho

Maaari ding mag konsulta ng mga part time jobs.

Makikita sa computer na gamit sa Hello Work ang mga posibleng trabaho sa buong Japan .

●Labor contract <kontrata sa pagtrabaho>

Ang labor contract ay ang kasunduan sa pagitan mo at ng iyong kompanya. Ang kontrata ng oras ng trabaho at sweldo. Ang kontrata kung saan nakasaad ang oras at sahod ay binibigay sa nagtatrabahong tao. Mahalaga ang susulatan ang papels. Mag request ng papel sa kompanya at ipasulat ang kontrata.

●Kung may suliranin o bumabagabag sa isip

Kumunsulta o sumangguni at manghingi ng payo sa 「Labor standards inspection office<roudokijunkantokusyo>」 o munisipyo sa mga sumusunod na sitwasyon.

- kapag hindi binabayaran ang iyong suweldo ng iyong kompanya
 - iba ang trabahong ginagawa sa pinag kasunduan.
 - sex harassment o bullying.
- kapag meron pang ibang ikinababahala ukol sa trabaho bukod sa mga nabanggit.

Makipag-ugnayan sa

●Hello Work Matsumoto TEL 0263-27-0111

●Matsumoto Labor Standards Inspection Office TEL 0263-48-5693



**Multilingual na gabay sa pamumuhay sa Matsumoto
City**

March 31, 2018

**Published by Matsumoto City Department of
General Affairs -Human Rights Section
Matsumoto City Chuo 1-18-1(MWing 3F)
Tel 0263-39-1105**

